si JL. Ang abogado naman ng administrasyon ng eskuwelahan ay si Sen. Jose Diokno, na kilalang makabayan, human rights lawyer at kontra-diktadura. Payo ni Togs, alagaan ang relasyon ng kilusang rebolusyonaryo kay Diokno.

Talagang binantayan namin nang lubos ang pagsusulat ng mga pahayag ng KM sa naturang eskuwelahan. Pero dala ng kabataan, may ilang pagkakataon na sa pag-edit, may nakakalusot pa ring pitik sa makabayang abogado. Minsan-minsan, binabalikan ko ang aral na nahalaw ko sa karanasang iyon, lalo na sa pakikipag-ugnayan sa mga personalidad na makabayan sa pangkalahatan, pero alanganin ang tindig sa ilang usaping pampulitika.

Isa pang magandang halimbawa si PM, kabiyak ng iginagalang na makabayang dekano sa UP. Noong una, mapagbantay kami sa aming kilos at pagsasalita kung nagpupulong ang kawanihan sa kababaihan sa bahay nila sa Quezon City. Alam namin na hindi pa gasinong nakakaunawa sa amin ang matatanda sa bahay. Ngunit sa pagputok ng kampanya laban sa sunod-sunod na pagtaas ng presyo ng langis na nagluwal sa Diliman Commune, nabuksan ang daan sa aktibong pagkilos ni PM.

Bagaman planado ang paglulunsad ng kampanyang masa laban sa pagtataas ng presyo ng langis, ang Diliman Commune ay ispontanyong sagot sa mabangis na pagsalakay ng mga pulis at sundalo sa kampus. Nauna rito, pinaslang ng propesor na si JC ang isang estudyante, si Pastor Mesina, miyembro ng UP Nationalist Corps. Pinanghawakan ng mga kadre at aktibista sa unibersidad ang bumulwak na galit ng masang estudyante. Halos dalawang linggong nagbarikada ang mga estudyante ng UP, sa suportang puwersa ng mga komunidad, pagawaan, at iba pang mga paaralan sa Kamaynilaan. Nag-imprenta sa printing press ng UP ng pahayagang *Pulang Bandila*, nag-ere ng makabayang programa sa radyo ng unibersidad, ang DZUP. Nagdaos ng mga pag-aaral sa maraming sulok ng kampus. Walang patid ang pagdating ng suportang pagkain at iba pang pangangailangan ng tinaguriang "malayang republika ng Diliman."

Isa si PM sa mga magulang na kusang-loob at walang kapagurang tumulong sa mga "communard." Minsan, naghatid siya, kasama ng

kaibigan niyang babaeng manunulat rin, ng ilang case ng basyong bote ng soft drinks para gamitin sa paggawa ng molotov bombs.

Mula noon, ang dating nag-aalanganing mga kadre at kasapi ng Partido ay naging masigla na sa pakikipagtalakayan sa kanya. Malaon, naging isa si PM sa mga nag-organisa ng Kalinga, organisasyon ng mga makabayang ina sa ilalim ng Kawanihan sa Kababaihan. Ito ang promotor ng kauna-unahang martsa ng kababaihan laban sa kahirapan na inilunsad sa pusod ng maralitang komunidad sa Moriones, Tondo, noong 1972, ilang buwan bago ideklara ang batas militar.

Marahil, kung nagbalik-aral ang mga nagtangkang lumikha ng buhawi ng mga aksiyon at kampanyang masang kinalburo matapos mapatalsik si Marcos noong 1986, makikita nila ang kahibangan ng madaliang tagumpay sa mga aral ng Diliman Commune. Tagumpay sa gawaing propaganda at edukasyon ang komuna. Pero hindi ito naging daan para ganap na mapagtagumpayan ang rebolusyon. Unti-unti, naibsan ang init na ibinuga ng ispontanyong aksiyong masang iyon. Malinaw, hindi magiging pangmatagalan ang tagumpay kung wala itong solidong salalayan, gaya ng nilarong insureksiyon ng mga RJ noong dekada '80.

Minsan, dinaanan ako sa HQ ni MM, ang unang DG leader ko sa SCAUP. Naging matalik kaming magkaibigan, naging barkada. Madalas niya akong isama sa gawain sa publikasyon. Pinagpu-proofread niya ako ng mga babasahing andergrawnd na nakasalang sa palimbagan, gaya halimbawa ng Red Book ni Mao na isina-Filipino ng Kawanihan sa Pagsasalin ng Partido sa kanyang pamamahala.

"Ano ba, saan tayo pupunta?" may pagkainis kong tanong sa kanya. Makatlong beses na kaming sumakay-bumaba ng dyip. "Parang umiikot lang tayo nang umiikot."

"Ikot lang uli tayo. Kung may ahenteng sumusunod sa atin galing sa HQ, maililigaw natin," paliwanag niya. "Kawawa naman ang may-ari ng press pag nareyd siya. Lumang Minerva nga lang ang gamit," dagdag pa niya. "Isang sakay na lang."

Pagkababa namin mula sa ikaapat na 'atang dyip, lakad naman kami. Hindi natagalan, biglang may sumigaw.



# Agaw-dilim, Agaw-liwanag

## Lualhati Milan Abreu

GAWAD LIKHAAN: THE UP CENTENNIAL LITERARY PRIZE WINNER